Southeastern Live Well Center

LIVE WELL SAN DIEGO

TUNGKOL SA SOUTHEASTERN LIVE WELL CENTER (SELWC)

Ang County ng San Diego ay may ginagampanang kritikal na papel sa pagbibigay ng iba't ibang serbisyong pangkalusugan at pangkomunidad para itaguyod ang kagalingan ng mga residente. Ang bagong Southeastern Live Well Center ay magbibigay ng solong lugar sa mga residente para makuha ang mga serbisyong ito sa isang maginhawa at modernong lokasyon. Ito rin ay magsisilbing hub para sa mga pagpupulong ng komunidad, mga pang-edukasyong oportunidad, at pagsasanay sa mga manggagawa. Malapit kaming nagtatrabaho sa komunidad para bumuo ng proyekto, at malugod na tinatanggap ang inyong input.

Nagsimula ang County sa bagong SELWC noong Oktubre 2021. Ito ay nakatakdang makumpleto sa Tag-init ng 2023.

Gamit ang input mula sa mga miyembro ng komunidad at stakeholder, ang disenyo ng SELWC ay magsasama ng isang wellness at meditation garden, isang outdoor area para sa coffee cart, isang play area para sa mga bata at pamilya, lokal na sining na kumakatawan sa kasaysayan at kultura ng San Diego at marami pa!

Gamit ang pamamaraang nakasentro sa komunidad, kumuha ang County ng mga lokal na subcontractor para itayo ang SELWC.

Magbibigay ang Center ng iba't ibang serbisyo kabilang ang pampublikong kalusugan at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Kabilang sa mga karagdagang serbisyo ang: mga serbisyo sa pagpapatibay ng pamilya, serbisyong militar at pangbeterano, pagpapa-unlad ng manggagawa at marami pa!

Gusto mo bang magbigay ng input? Bisitahin ang livewellsd.org o i-scan ang QR Code